
David - Tagalog






Sa komiks na ito ipinapakita ang ilang bahagi ng kasiya-siyang kuwento tungkol kay David. Ito ay totoong kuwento tungkol sa gawa ng Diyos sa buhay ng isang tao na handang ilagay ang kanyang tiwala sa isang tunay na Diyos. Ang mga nailarawan na pangyayari ay nangyari sa Israel noong 1100 B.C. (Tingnan ang mapa).

Si Saul, ang haring alinlangan na isugo si David para digmain si Goliat ng Gat, ang unang hari ng bansang Israel. Ganoon pa man, bago pa lumabas si David para labanan si Goliat sa isang digmaan na naging pambansang bayani siya, pinili na ng Diyos ang batang pastol na ito para humalili kay Saul sa trono. Si David, at sa kalaunan ang kanyang anak na si Solomon, ay pinangunahan ang Israel sa kanyang dakilang tagumpay at paglawak bilang isang bansa.

Ang lalong kompletong kuwento tungkol kay Saul at David ay maaaring basahin sa Biblia sa Aklat ng Samuel Kabanata 16 at 17.

Translated from English, First Edition 1988
Reprint 1993

© 1988
All Rights Reserved
ICI University

C0100E-10
ISBN 1-56390-202-8


Tiyo Rufo, pagod na kaming nakakarinig ng mga pambihirang bayani na hindi tunay na mga tao.
Siya nga, Tiyo Rufo.Maaari bang ikuwento mo sa amin ang tungkol sa pambihirang bayani sa tunay na buhay?


Sige, mga bata, buksan ang susunod na pahina...


Napakatahimik sa kaparangan kung saan ang batang pastol ay nagbabantay sa mga tupa ng kanyang ama.


Napakatahimik kayat siya ay naupo at nagsimulang magsanay sa kanyang alpa.




Ngunit hindi niya alam na sa sandaling yaon, may nakaambang panganib sa kalapit.
Dahan-dahan ito ay gumagapang,
bawat hakbang,
unti-unti ng
palapit ng palapit. At saka...
(maging maingat kapag ibukas ang pahinang ito)..



sumalakay ang leon!


Sinunggaban ang isa sa mga tupa ng bata ng kanyang bunganga,
handa ang leon para sa kanyang tanghalian nang...


ang batang pastol ay biglang napalundag


halos lumipad sa himpapawid, nilabanan ang leon at inagaw ang tupa mula sa mga pangil ng leon at sa tiyak na kamatayan.






Bagama't
(magugustuhan mo ang mangyayari sa susunod na pahina.)


Ang ating pambihirang bayani ay hindi pa tapos sa leon.
Mapangahas kang subukin na gawing pananghalian ang isa sa aking mga tupa!
Sinunggaban ang leon sa balbas at inihampas ang ulo sa lupa, napatay ito sa pamamagitan lang kanyang kamay.
*BABALA:


Okey, mga bata, may ideya na ba kayo kung sino ang ating pambihirang bayani?
Superman?
Spiderman?
Sino siya Tiyo Rufo?
Hindi, hindi. Nais ninyong marinig ang tunay na buhay na bayani, hindi isang kathang isip lang ng manunulat ng komiks.
Siya ay si David. Maaaring maalaala ninyo ang kuwento ni David. Lumaki siyang naging hari ng bansang Israel.
Ang mga hari ay kabagot-bagot.
Oo nga, may ginawa ba siyang nakakagulat.
Buksan ang susunod na pahina.



Isang araw isang oso ang nakagawa ng matindi at **huling pagkakamali** sa kanyang buhay. Naisip niyang magandang ideya ang magkaroon ng tupa para sa tanghalian. Ang pagkakamali ay ang pagsubok na kainin ito sa pastulan ni David.
Naranasan ng oso ang parehong kapalaran ng leon.


Ngunit si David ay naging bantog dahil sa kanyang pakikipaglaban kay Goliat ng Gat.
Si Goliat ng Gat ay maaaring may nakakagulat na karanasan sa kanyang kabataan kagaya ni David.
Ang paglaki sa Gat kasama ang kanyang mga kapatid ay maaaring nakakatuwa.



Gayon pa man, may mga ilang bagay na kakaiba kay Goliat.
Hindi siya magkasya sa kanyang kuna.
Nasisira niya ang lahat ng kanyang mga upuan.
Kumakain ng mas marami.
Ang kanyang mga damit ay palaging maliliit sa kanya.
Ang kanyang kama ay napakaliit para sa kanya.


Kapag may palaro, laging si Goliat laban sa ibang mga taga Gat.



Parang hindi siya inangkop kahit saan.



Ngunit kapag may mga away, bawat isa, ibig kong sabihin bawat isa ay laging nais pumanig kay Goliat.



Dahil si Goliat ng Gat ay isang...
...higante!


Siya ay isa ring Filisteo.
Ang mga Filisteo ay palaging nakikipaglaban sa mga Israelita, ang bansa ni David, ang ating pambihirang bayani. Wala silang mga eroplano, mga tangke, mga misil o kaya'y bomba atomika.
Buksan ang susunod na pahina, at ipakikita ko sa'yo ang pinakamalapit na bagay na mayroon ang mga Filisteo na ihahalintulad sa bomba



SI GOLIAT NG GAT!
Tansong Helmet-estilo ng mga taong pulo, impluwensiya ng Griego.
Tabak ng Canaan-karit na tabak.
Sandata-kagaya ng biga ng manghahabi-tumatagos sa mabigat na baluti.
Platong baluti-nakatahi sa balat na jerkin.
Tansong panyapak-nakatali at bumabalot sa tuhod na balat.
Diyabelin-nakasabit sa pagitan ng mga balikat


Ngayon, sa ibang bahagi ng kuwentong pakikidigma.
Ang lugar ng digmaan: dalawang bundok na may lambak sa gitna.
*Salig sa tunay na pakikidigma
Sa isang panig ang mga Israelita,
sa kabila, ang mga Filisteo.



Ito ay nagiging kabagot-bagot. Araw-araw bumabangon ako, kakain ng kaunting almusal at bababa sa lambak para hamunin ang mga Israelita.
Ginagawa ko ito sa loob ng 40 araw. Ang mga Israelitang yon ang pinakamalaking **duwag** sa lupa.
Sinisiguro kong may kakatuwang mangyayari ngayon. Ito ay kabagot-bagot. Nais kong bumalik sa Gat kung saan ay magkakaroon ako ng tunay na almusal.


**Hinahamon ko ang mga sundalo ng Israel!** Pumili kayo ng lalaking lalaban sa akin. Kapag napatay niya ako, magiging alipin ninyo kami. Ngunit kung mapatay ko siya, magiging alipin namin kayo.


Samantala, si Jesse na ama ni David:
David, dalhin mo itong sampung tinapay at binusang trigo sa iyong mga kapatid na nakikipagdigma sa mga Filisteo,
at itong sampung keso ay ibigay mo sa pinakapuno nila.
Maging mapayapa nawa ang iyong paglalakbay at ang Diyos ng Israel ay sumaiyo.
Habang nasa daan. Nagsanay siya sa kanyang tirador. Nabali ito.


Dapat kong ayusin ito.
Hindi ko alam kung kailan ko ito kailangan.
Hinahamon ko ang mga sundalo ng Israel! Magpadala ng lalaking lalaban sa akin!
Nakikita mo ba ang higanteng yaon? Nangako si Haring Saul na magbibigay ng kayamanan sa sinumang makapatay sa kanya. At, ibibigay din daw ang kanyang anak na dalaga doon sa lalaki para maging kanyang asawa.


Ang aking Diyos ay sumasaakin nang nakipaglaban ako sa leon.
Ang aking Diyos ay sumasaakin nang napatay ko ang oso.
Ang aking Diyos ay sasaakin kapag nakipaglaban ako kay Goliat.
At, kung ako ay mananalo, Siya ay sumasaakin kahit pakasal ako sa anak ni Haring Saul.
Hindi ko mapapatay ang leon sa aking sarili lang. Hindi ko mapapatay ang oso sa aking sarili. Ano kung si Goliat ay siyam na piye ang taas. Ibabagsak siya ng Diyos.
Maaaring ikaw ay nagbibiro. Makikipaglaban ka kay Goliat ng Gat? Magiging almusal ka niya. Ipapakain ka niya sa mga ibon. Si Goliat ay mandirigma sa buong panahon ng kanyang buhay. Ang tanging ginagawa mo lang ay mag-alaga ng mga tupa.


Opo, ngunit si Goliat ay nakikipaglaban sa lakas ng tao. Ako ay makikipaglaban sa lakas ng **Diyos ng Israel**, ang buhay na Diyos. Naniniwala akong ibibigay ng ating Diyos si Goliat sa aking mga kamay.
Pagbalik ko ibibigay ko ang ulo ni Goliat.
Maaaring yon ang pumipigil sa kanyang anak para makasal sa akin.
Siyanga, walang nangahas na sumubok. Mayroon siyang pananampalataya sa aming Diyos. Bakit nga hindi?
Humayo ka, at ang Panginoon ang sumaiyo.
Hintay! Hintay! Isuot mo ang aking baluti.
Kunin mo ang aking helmet.
Itong kasuotang baluting tanso.


Hindi ako makakilos. Hindi puwede ito. Tanging kailangan ko ay ang aking tungkod (sa pamamastol) at aking tirador.
Nasisiyahan ako na tumigil para maayos ang aking tirador.
Hindi ka ba natatakot?
Papatayin ka niya.
Mabuting nakilala ka, kaibigang David.


Umakyat si David sa matarik na bahagi para kumuha ng mga bato sa batis.
Oh, Diyos, ako ay natatakot. Wala akong pagkakataon na isipin ang tungkol sa leon o sa oso, ngunit ako'y haharap kay Goliat ng Gat? Ano ang aking gagawin? Damang-dama kong ako ay nag-iisa.
Humayo ka David. Akong iyong Panginoon ay sumasaiyo.
Isa lang kailangan natin. Ngunit kung kinakailangan magdala ka ng lima.



Sino ka bata?
Ako si David. Ang Panginoon ng Israel at ako ay narito para labanan ka, Goliat.


Oh, nagkakamali ka. Hindi ako si Goliat ng Gat. Ako ang tagadala ng kalasag ni Goliat ng Gat.



Hayan si Goliat!!!



Ako ba ay aso, na naparito ka para labanan ako sa pamamagitan ng tungkod? Bata ka pa. Ang mga Israelita ay nais maialay ka sa mga ibon. Halika nga rito't nang maipakain kita sa mga ibon at mga hayop.
Ang dala mo'y tabak, sibat at balaraw, ngunit ako'y naparito sa ngalan ng Makapangyarihang Diyos ng Israel. Ang Panginoon ng Hukbo ng Israel!! Ang Diyos na iyong hinahamak.
Hindi kailangan ng aking Diyos ang tabak, sibat o balaraw.
Sa pamamagitan nitong maliliit na bato, ibabagsak kita.
Pupugutin ko ang iyong ulo at ipapakain kita sa mga ibon at sa mga hayop, pati ang iyong mga kasamahan.



Ang pakikipaglaban na ito ay sa Panginoon, at ibibigay ka Niya sa aking mga kamay.
Ako'y galit na. Kailangan kong tumayo para lalo kitang madudurog.



CRICK!



GR


OOUMPH!



Patakbong lumapit si David, sa bumagsak na higante, binunot ang tabak nito...


pinatay ito ...
at pinugutan ng ulo.


Nagtakbuhan ang mga Filisteo. Tinugis ng mga "matatapang" na sundalong Israelita ang mga Filisteo...
at pinagpapatay.


Naghambalang sa daan ang bangkay ng mga Filistao, mula sa Saaraim hanggang sa Gat at Ecron.
Kalaunan:
Nang bumalik si David sa Jerusalem, nakatanggap siya ng pagsalubong para sa isang bayani.
Libu-libo ang pinatay ni Haring Saul, ang kay David ay sampu-sampung libo.


Si David ay isang bayani. Ngunit mayroon akong ikukuwento sa inyong isang pambihirang bayani.
Nalupig ni David ang leon, ang oso at ang higante, pero ang bayaning nais kong ikuwento sa inyo ay mas higit ang napag-lagumpayan para sa inyo at sa akin.
Ang bayaning ito ay si Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos.
Nalupig Niya ang mas malaking higante kaysa kay Goliat.
Si Satanas!
Si Satanas ang pinanggagalingan ng lahat ng kasamaan na nasa lupa. Lahat ng kasinungalingan, poot at masasamang mga bagay.


ngunit higit na mas makapang-
yarihahan si Jesus.
Siya ay Anak ng Diyos, pinadala dito mula sa Langit para malaman Niya ang aling nararamdaman.
Si Jesus ay humahayong nagpapagaling ng may sakit, nagpapalayas ng demonyo,
pinalalakad ang pilay at nagpapakita ng mga bulag.
Muling binuhay ang patay..
At inaaliw yaong mga makasalanan na
sa akala nila ay masyado ng makasalanan para
mahalin ng Diyos.


Ginamit ni Satanas ang mga makapangyarihang mga tao para sirain si Jesus.
Siya ay nilitis bagamat walang ginawang kasalanan.
Si Jesus ay binugbog bagamat wala Siyang sinaktang sinuman.
Siya'y pinatay sa krus kahit na Siya'y pumanito sa lupa para lahat ng tao ay magkaroon ng buhay sa Diyos na walang hanggan. Pagkatapos na mamatay si Jesus sa krus, nasiyahan si Satanas. Akala niya ay natalo n'ya si Jesus. Ngunit plano ng Diyos na ibigay ang Kanyang buhay bilang alay para sa kasalanan ng lahat.

David - Tagalog






Sa komiks na ito ipinapakita ang ilang bahagi ng kasiya-siyang kuwento tungkol kay David. Ito ay totoong kuwento tungkol sa gawa ng Diyos sa buhay ng isang tao na handang ilagay ang kanyang tiwala sa isang tunay na Diyos. Ang mga nailarawan na pangyayari ay nangyari sa Israel noong 1100 B.C. (Tingnan ang mapa).

Si Saul, ang haring alinlangan na isugo si David para digmain si Goliat ng Gat, ang unang hari ng bansang Israel. Ganoon pa man, bago pa lumabas si David para labanan si Goliat sa isang digmaan na naging pambansang bayani siya, pinili na ng Diyos ang batang pastol na ito para humalili kay Saul sa trono. Si David, at sa kalaunan ang kanyang anak na si Solomon, ay pinangunahan ang Israel sa kanyang dakilang tagumpay at paglawak bilang isang bansa.


Ang lalong kompletong kuwento tungkol kay Saul at David ay maaaring basahin sa Biblia sa Aklat ng Samuel Kabanata 16 at 17.


Translated from English, First Edition 1988
Reprint 1993

© 1988
All Rights Reserved
ICI University


C0100E-10
ISBN 1-56390-202-8


Tiyo Rufo, pagod na kaming nakakarinig ng mga pambihirang bayani na hindi tunay na mga tao.
Siya nga, Tiyo Rufo.Maaari bang ikuwento mo sa amin ang tungkol sa pambihirang bayani sa tunay na buhay?


Sige, mga bata, buksan ang susunod na pahina...


Napakatahimik sa kaparangan kung saan ang batang pastol ay nagbabantay sa mga tupa ng kanyang ama.


Napakatahimik kayat siya ay naupo at nagsimulang magsanay sa kanyang alpa.


Ngunit hindi niya alam na sa sandaling yaon, may nakaambang panganib sa kalapit.
Dahan-dahan ito ay gumagapang,
bawat hakbang,
unti-unti ng
palapit ng palapit. At saka...
(maging maingat kapag ibukas ang pahinang ito)..



sumalakay ang leon!




Sinunggaban ang isa sa mga tupa ng bata ng kanyang bunganga,
handa ang leon para sa kanyang tanghalian nang...


ang batang pastol ay biglang napalundag


halos lumipad sa himpapawid, nilabanan ang leon at inagaw ang tupa mula sa mga pangil ng leon at sa tiyak na kamatayan.






Bagama't
(magugustuhan mo ang mangyayari sa susunod na pahina.)



Ang ating pambihirang bayani ay hindi pa tapos sa leon.
Mapangahas kang subukin na gawing pananghalian ang isa sa aking mga tupa!
Sinunggaban ang leon sa balbas at inihampas ang ulo sa lupa, napatay ito sa pamamagitan lang kanyang kamay.
*BABALA: Huwag subukin ito sa iyong sariling tahanan kung hindi mo alam na nais ng Diyos na subukin ito.


Okey, mga bata, may ideya na ba kayo kung sino ang ating pambihirang bayani?
Superman?
Spiderman?
Hindi, hindi. Nais ninyong marinig ang tunay na buhay na bayani, hindi isang kathang isip lang ng manunulat ng komiks.
Sino siya Tiyo Rufo?
Siya ay si David. Maaaring maalaala ninyo ang kuwento ni David. Lumaki siyang naging hari ng bansang Israel.
Ang mga hari ay kabagot-bagot.
Oo nga, may ginawa ba siyang nakakagulat.
Buksan ang susunod na pahina.



Isang araw isang oso ang nakagawa ng matindi at **huling pagkakamali** sa kanyang buhay. Naisip niyang magandang ideya ang magkaroon ng tupa para sa tanghalian. Ang pagkakamali ay ang pagsubok na kainin ito sa pastulan ni David.
Naranasan ng oso ang parehong kapalaran ng leon.


Ngunit si David ay naging bantog dahil sa kanyang pakikipaglaban kay Goliat ng Gat.
Sea
Joppa
Coastal Plain (Philistia)
Jerusalem
Jordan River
Ekron
Bethlehem
Shaaraim
Hill Country of Judah
Gath
Salt Sea
BATTLE GROUND



Si Goliat ng Gat ay maaaring may nakakagulat na karanasan sa kanyang kabataan kagaya ni David.


Ang paglaki sa Gat kasama ang kanyang mga kapatid ay maaaring nakakatuwa.



Gayon pa man, may mga ilang bagay na kakaiba kay Goliat.
Hindi siya magkasya sa kanyang kuna.
Nasisira niya ang lahat ng kanyang mga upuan.
Kumakain ng mas marami.
Ang kanyang mga damit ay palaging maliliit sa kanya.
Ang kanyang kama ay napakaliit para sa kanya.



Kapag may palaro, laging si Goliat laban sa  ibang mga taga Gat.



Parang hindi siya inangkop kahit saan.


Ngunit kapag may mga away, bawat isa, ibig kong sabihin bawat isa ay laging nais pumanig kay Goliat.


Dahil si Goliat ng Gat ay isang...
...higante!


Siya ay isa ring Filisteo.
Ang mga Filisteo ay palaging nakikipaglaban sa mga Israelita, ang bansa ni David, ang ating pambihirang bayani. Wala silang mga eroplano, mga tangke, mga misil o kaya'y bomba atomika.
Buksan ang susunod na pahina, at ipakikita ko sa'yo ang pinakamalapit na bagay na mayroon ang mga Filisteo na ihahalintulad sa bomba


SI GOLIAT NG GAT!
Sandata–kagaya ng biga ng manghahabi – tumatagos sa mabigat na baluti.
Tansong Helmet–estilo ng mga taong pulo, impluwensiya ng Griego.
Platong baluti nakatahi sa balat na jerkin.
Tabak ng Canaan–karit na tabak.
Tansong panyapak–nakatali at bumabalot sa tuhod na balat.
Diyabelin–nakasabit sa pagitan ng mga balikat


Ngayon, sa ibang bahagi ng kuwentong pakikidigma.
Ang lugar ng digmaan: dalawang bundok na may lambak sa gitna.
*Salig sa tunay na pakikidigma.
Sa isang panig ang mga Israelita,
sa kabila, ang mga Filisteo.



Ito ay nagiging kabagot-bagot. Araw-araw bumabangon ako, kakain ng kaunting almusal at bababa sa lambak para hamunin ang mga Israelita.



Ginagawa ko ito sa loob ng 40 araw. Ang mga Israelitang yon ang pinakamalaking **duwag** sa lupa.


Sinisiguro kong may kakatuwang mangyayari ngayon. Ito ay kabagot-bagot. Nais kong bumalik sa Gat kung saan ay magkakaroon ako ng tunay na almusal.


**Hinahamon ko ang mga sundalo ng Israel!**
Pumili kayo ng lalaking lalaban sa akin. Kapag napatay niya ako, magiging alipin ninyo kami. Ngunit kung mapatay ko siya, magiging alipin namin kayo.


Samantala, si Jesse na ama ni David:
David, dalhin mo itong sampung tinapay at binusang trigo sa iyong mga kapatid na nakikipagdigma sa mga Filisteo,
at itong sampung keso ay ibigay mo sa pinakapuno nila.
Maging mapayapa nawa ang iyong paglalakbay at ang Diyos ng Israel ay sumaiyo.
Habang nasa daan. Nagsanay siya sa kanyang tirador. Nabali ito.


Dapat kong ayusin ito.
Hindi ko alam kung kailan ko ito kailangan.
Hinahamon ko ang mga sundalo ng Israel! Magpadala ng lalaking lalaban sa akin!
Nakikita mo ba ang higanteng yaon? Nangako si Haring Saul na magbibigay ng kayamanan sa sinumang makapatay sa kanya. At, ibibigay din daw ang kanyang anak na dalaga doon sa lalaki para maging kanyang asawa.




Ang aking Diyos ay sumasaakin nang nakipaglaban ako sa leon.
Ang aking Diyos ay sumasaakin nang napatay ko ang oso.
Ang aking Diyos ay sasaakin kapag nakipaglaban ako kay Goliat.
At, kung ako ay mananalo, Siya ay sumasaakin kahit pakasal ako sa anak ni Haring Saul.
Hindi ko mapapatay ang leon sa aking sarili lang. Hindi ko mapapatay ang oso sa aking sarili. Ano kung si Goliat ay siyam na piye ang taas. Ibabagsak siya ng Diyos.
Maaaring ikaw ay nagbibiro. Makikipaglaban ka kay Goliat ng Gat? Magiging almusal ka niya. Ipapakain ka niya sa mga ibon. Si Goliat ay mandirigma sa buong panahon ng kanyang buhay. Ang tanging ginagawa mo lang ay mag-alaga ng mga tupa.


Opo, ngunit si Goliat ay nakikipaglaban sa lakas ng tao. Ako ay makiki-paglaban sa lakas ng Diyos ng Israel, ang buhay na Diyos. Naniniwala akong ibibigay ng ating Diyos si Goliat sa aking mga kamay.
Pagbalik ko ibibigay ko ang ulo ni Goliat.
Maaaring yon ang pumipigil sa kanyang anak para makasal sa akin.
Siyanga, walang nangahas na sumubok. Mayroon siyang pananam-palataya sa aming Diyos. Bakit nga hindi?
Humayo ka, at ang Panginoon ang sumaiyo.
Hintay! Hintay! Isuot mo ang aking baluti.
Kunin mo ang aking helmet.
Itong kasuotang baluting tanso.


Hindi ako makakilos. Hindi puwede ito. Tanging kailangan ko ay ang aking tungkod (sa pama-mastol) at aking tirador.



Nasisiyahan ako na tumigil para maayos ang aking tirador.



Hindi ka ba natatakot?
Papatayin ka niya.
Mabuting nakilala ka, kaibigang David.




Umakyat si David sa matarik na bahagi para kumuha ng mga bato sa batis.
Oh, Diyos, ako ay natatakot. Wala akong pagkakataon na isipin ang tungkol sa leon o sa oso, ngunit ako'y haharap kay Goliat ng Gat? Ano ang aking gagawin? Damang-dama kong ako ay nag-iisa.
**Humayo** ka David. Akong iyong **Panginoon** ay sumasaiyo.
Isa lang kailangan natin. Ngunit kung kinakailangan magdala ka ng lima.


Sino ka bata?
Ako si David. Ang Panginoon ng Israel at ako ay narito para labanan ka, Goliat.
Oh, nagkakamali ka. Hindi ako si Goliat ng Gat. Ako ang tagadala ng kalasag ni Goliat ng Gat.
Hayan si Goliat!!!



Ako ba ay aso, na naparito ka para labanan ako sa pamamagitan ng tungkod? Bata ka pa. Ang mga Israelita ay nais maialay ka sa mga ibon. Halika nga rito't nang maipakain kita sa mga ibon at mga hayop.
Ang dala mo'y tabak, sibat at balaraw, ngunit ako'y naparito sa ngalan ng Makapangyarihang Diyos ng Israel. Ang Panginoon ng Hukbo ng Israel!! Ang Diyos na iyong hinahamak.
Hindi kailangan ng aking Diyos ang tabak, sibat o balaraw.
Sa pamamagitan nitong maliliit na bato, ibabagsak kita.
Pupugutin ko ang iyong ulo at ipapakain kita sa mga ibon at sa mga hayop, pati ang iyong mga kasamahan.



Ang pakikipaglaban na ito ay sa Panginoon, at ibibigay ka Niya sa aking mga kamay.
Ako'y galit na. Kailangan kong tumayo para lalo kitang madudurog.



CRICK!


GR



OOUMPH !


Patakbong lumapit si David, sa bumagsak na higante, binunot ang tabak nito...


pinatay ito ...
at pinugutan ng ulo.



Nagtakbuhan ang mga Filisteo. Tinugis ng mga "matatapang" na sundalong Israelita ang mga Filisteo...
at pinagpapatay.


Naghambalang sa daan ang bangkay ng mga Filisteo, mula sa Saaraim hanggang sa Gat at Ecron.



Kalaunan:
Nang bumalik si David sa Jerusalem, nakatanggap siya ng pagsalubong para sa isang bayani.
Libu-libo ang pinatay ni Haring Saul, ang kay David ay sampu-sampung libo.




Si David ay isang bayani. Ngunit mayroon akong ikukuwento sa inyong isang pambihirang bayani.
Nalupig ni David ang leon, ang oso at ang higante, pero ang bayaning nais kong ikuwento sa inyo ay mas higit ang napagtagumpayan para sa inyo at sa akin.
Ang bayaning ito ay si Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos.
Nalupig Niya ang mas malaking higante kaysa kay Goliat.
Si Satanas!
Si Satanas ang pinanggagalingan ng lahat ng kasamaan na nasa lupa. Lahat ng kasinungalingan, poot at masasamang mga bagay.


ngunit higit na mas makapang-yarihahan si Jesus.
Siya ay Anak ng Diyos, pinadala dito mula sa Langit para malaman Niya ang ating nararamdaman.
Si Jesus ay humahayong nagpapagaling ng may sakit, nagpapalayas ng demonyo, pinalalakad ang pilay at nagpapakita ng mga bulag.
Muling binuhay ang patay...
At inaaliw yaong mga makasalanan na sa akala nila ay masyado ng makasalanan para mahalin ng Diyos.


Ginamit ni Satanas ang mga makapangyarihang mga tao para sirain si Jesus.
Siya ay nilitis bagamat walang ginawang kasalanan.
Si Jesus ay binugbog bagamat wala Siyang sinaktang sinuman.
Siya'y pinatay sa krus kahit na Siya'y pumarito sa lupa para lahat ng tao ay magkaroon ng buhay sa Diyos na walang hanggan. Pagkatapos na mamatay si Jesus sa krus, nasiyahan si Satanas. Akala niya ay natalo n'ya si Jesus. Ngunit plano ng Diyos na ibigay ang Kanyang buhay bilang alay para sa kasalanan ng lahat.


Pagkatapos na si Jesus ay nasa libingan ng tatlong araw, Siya'y muling nabuhay.
nakita ng mahigit na 500 tao. Siya ay gumawa ng mga milagro sa loob ng 40 araw
bago Siya bumalik sa langit.
Saka Niya sinugo ang Kanyang Banal na Espiritu para sumaatin at tayo ay aliwin.


Wala tayong dapat ikabahala tungkol sa mga leon, oso, higante, hari o kahit na si Satanas kapag inanyayahan natin si Jesus sa ating buhay.
Napakasimple lang. Ang tangi mong gagawin ay aminin ang iyong pagkakasala, (mga ginawang masasama) at hilingin na patawarin ka ni Jesus.
Tumigil na tayo at manalangin kay Jesus.
Jesus, hindi ako naging mabuti. Ako ay nagkasala, ngunit humihiling akong patawarin Mo ako sa aking mga kasalanan. Naniniwala ako na Ikaw ay Anak ng Diyos, at nais kitang paglingkuran sa buong buhay ko.
Salamat, Tiyo Rufo.
Opo, salamat sa pagkukuwento ninyo tungkol kay David at si Jesus.
Ngunit mayroon akong isang katanungan, Tiyo Rufo. Ano ang gagawin natin ngayon?
Simple, mga bata. Sundin itong tatlong mga hakbang.


1. Dumalo saisang iglesya na naninininiwala sa Biblia.
2. Magkaroon ng Biblia na iyong mababasa, o kaya hilingin na basahin ito sa iyo –
3. Kagawian ang manalangin sa Diyos araw-araw. Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Diyos kagaya ng pakikipag-usap ninyo sa akin. Makakatulong na umpisahan ito sa pamamagitan ng pagpapasalamat sa Diyos sa lahat ng mabubuting bagay na ginawa Niya sa iyong buhay.
Tandaan, nakikipag-usap tayo sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin, at nakikipag-usap Siya sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang Biblia.
At muli, tandaan din na mahal ka ng Diyos kahit ka ganyan. Hindi kailangan na maging sakdal ka bago ka lumapit sa Diyos. Mahal Niya tayo ng higit sa malalaman natin.
Pagpalain ka ng Diyos.
Tiyo Rufo


P.S. Siyanga pala - Pinakasalan ni David ang magandang anak ni Haring Saul, si Princesa Michal.
WAKAS.

# David

**Nagapi ang leon!**

**Napatay ang higante!**

**Dinaig ang oso**







**Sino itong bayaning ito? Basahin ang kagila-gilalas na kuwento ng tunay na buhay ni David, ang batang tunay na sumampalataya sa iisang tunay na Diyos.**

---

Para sa karagdagang kaalaman
Sumulat sa:

ICI
P.O. Box 1084
Manila, R.P.

Pangalan ____________________

Tirahan ____________________

____________________

1/10M/1.98

SCR
Tagalog